



Piyesta ng Pelikula sa Shinyurigaoka

しんゆり映画祭

Ang Shinyuri Film Fest ay gaganapin sa Warner Mycal Cinemas Shinyurigaoka na matatagpuan sa harap ng istasyong Shinyurigaoka mula ika-5 hanggang ika-7 ng Oktubre.

Ngayong taglagas, bilang pag-alala sa pagbubukas ng Kawasaki City Art Center, ang temang [Yappari Eiga! Koko kara Eiga! Itsudemo Eiga!] ay magpapalabas ng mga koleksyon nitong mga sikat na pelikula sa loob ng 12 taong nakaraan, maging pelikulang hapon o pelikulang galing sa ibang bansa. Makakapanayam din dito ang mga kritikong panauhin na sina G. Tadao Sato at G. Kichitaro Negishi.



Ang mga tiket sa pelikula ay nagkakahalaga ng ¥800 yen hanggang ¥1100 yen sa mga bibili ng mas maaga. Maaari namang bumili sa mismong araw ng palabas sa halagang ¥1000 yen hanggang ¥1300 yen.

Upang makarating sa Warner Mycal Cinemas ng Shin yurigaoka, bumaba sa Shinyurigaoka sa labasang timog ng Odakyu line.

Tunghayan ang iskedyul ng palabas sa HP ng Shinyuri Film Festival: <http://www.siff.jp/siff2007/>.

Kung may katanungan, tumawag sa Kawasaki Shinyuri Film Festival Office: 044-953-7658.

Piyesta ng Kawasaki Piyer at Chikusan Food fair 2007

川崎みなと祭り



Dalawang araw ang pagdaraos na gagawin sa paligid ng Kawasaki Marien sa ika-6 ~ika-7 ng buwan ng Oktubre [Kawasaki Minato Matsuri · Chikusan Food fair 2007]

Ang Piyesta sa Piyer ay may mga masasayang ibento tulad ng paghawak sa mga iba't-ibang hayop, Stamp rally, Flea market atbp. Sa araw na ito ay magagagamit ng libre ang observatory na may taas 51 metros mula sa lupa at makikita ang 360 degrees panorama view! Samantalang sa tabi ng Kawasaki Marien, ay ang Meat products ng Chikusan Food fair kung saan mabibili ang produktong siguradong ligtas at malinis na karne ng baboy, baka at manok. Sa murang halaga.

Mula sa East exit ng JR Kawasaki, sumakay ng Higashi Ogijima Jyunkan ng may 30 minutos at bumaba sa [Kawasaki Marien]

Para sa mga tanong at iba pang detalye, makipag-ugnayan sa KAWASAKI KOUWAN SHINKOU KYOUKAI sa numerong:044-287-6009.

Tungkol naman sa Meat products, KEISAI KYOKU SHOUGYOU KANKOU KA sa numerong 044-200-2328.



Nangangailangan ng Kinatawan para sa mga dayuhang residente

(川崎市外国人市民代表者会議の代表者募集)

315

Dito sa Lunsod ng Kawasaki, malaking bahagi ang pakikipag-kooperasyon ng mga dayuhang residente sa kanilang pagbibigay opinion, pakikipag-talakayan sa mga bagay na inaakala nilang pinagmumulan ng problema, at upang mabigyan ng kalutasan, ito ay inilalapat nila sa pamahalaan. Kung kaya't nananawagan sa mga dayuhang interesado sa pangangailangan ng mga dayuhang bubuo sa Kinatawan para sa mga dayuhang residente.

Ang mga kwalipikasyon para maging kinatawan ay:

- ① Naninirahan sa Lunsod ng Kawasaki ng may isang taon mahigit at rehistradong dayuhan.
- ② Edad 18 taong gulang pataas kabilang ang maglalabing walong taon sa Abril 1, 2008.
- ③ Sapat na nakakaintindi ng wikang hapon



Ang panahon ng panunungkulan ay mula ika-1 ng Abril, 2008 hanggang ika-31 ng Marso 2010. (dalawang taon) 26 katao ang kailangan.


Para sa pag-aaplay, ipadala ang application form na ipinamimigay sa mga Ward offices, Civic halls, Libraries hanggang ika-11 ng Enero 2008.

Maaari ding i-download ito mula sa HP ng Kawasaki City.

Para sa detalye tumawag sa SHIMIN KYOKU JINKEN · DANJO KYOUDOSANKAKUSHITSU : 044-200-2359.



May problema ka? Tawag na o magsadya sa: Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki



Silid—Sanggunihan para sa mga Dayuhan

Ang [Kawasaki International Association] ay nagbibigay ng walang bayad na konsultasyon serbisyo para sa mga dayuhan tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay.

■ Konsultasyon sa iba't-ibang Wika

Wikang Ingles : Lunes ~ Sabado

Wikang Kastila: Martes at Miyerkoles

Wikang Intsik : Martes, Miyerkoles at Biyernes

Wikang Portugis: Martes at Biyernes

Wikang Koryano : Martes at Huwebes

Wikang Tagalog: Martes at Miyerkoles

■ Oras ng Konsultasyon

10:00 ng umaga ~16:00 ng hapon

Inilathala ng Asosasyong Pandaigdig ng Siyudad ng Kawasaki

〒211-0033 Kawasaki International Center

2-2 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki

Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kiankawasaki@kian.or.jp HP URL:http://www.kian.or.jp/